# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 1 10.00 OCTOBER 3 - 9, 2022


# MAYOR AGUINALDO CONTINUES 'PUSO'T MALASAKIT PROGRAM

by HENRY E. CAOILE

REELECTED Kawit Mayor Angelo Emilio Aguinaldo in an interview with this paper said his 'Puso't Malasakit' program is a continuing commitment to all Kawitenos to make the community further develop, improve and be livable, vibrant and resilient.

Speaking in Filipino, the 24/7 local chief executive said that he has listed priority projects that would help business and industry to flourish under a climate of peace and fair competition.

"Ang ating administrasyon ay patuloy sa serbisyo para sa tao. Through our 'Puso't Malasakit' (program), we will continue to serve you responsibly and compassionately," Mayor Aguinaldo said.

He added that his health service is still a continuing fight against coronavirus disease 2019.

"Sa mga hindi pa nababakunahan o nabibigyan ng booster shots, pumunta lamang po kayo sa ating health centers, o sa aming opisina upang matulungan, nang mabakunahan kayo," said Mayor Aguinaldo.

The mayor said he aspires that all residents who have been infected by the virus to recover that past and to bring back the glory of Kawit that was there before the pandemic struck.

In the May 9 elections, Aguinaldo anchored his candidacy on the platform on health and social services, economy and infrastructure.



*The Best Father to Kawitenos!*

Days before typhoon Karding's landfall in Cavite, Mayor Aguinaldo and officials of the municipal social welfare development office (MSWDO) are busy preparing food packages, hot meals and other relief goods to be distributed to affected residents.

"Inihahanda na namin, kung sakaling kakailanganin. Mabuti na po ang handa kaysa makawawa ang ating kapwa Kawiteno," said Mayor Aguinaldo.

Netizen Mira Antonio said that her family is 'Okay.'

"Ibigay po sa taong nangangailangan. God bless po, Boss, mabuhay po kayo, # Team Puso't Malasakit."

To effectively implement programs beneficial to Kawitenos, last Sept. 16, Mayor Aguinaldo led a 3-day executive-legislative agenda.

"Nagtitiwala po akong magagamit natin ang ating mga natutunan para sa ikabubuti ng ating mga kababayan," said the mayor.

Here are a few events and activities led and initiated by Mayor Aguinaldo:

@ Cash for Cash for Work under Climate Change Adaptation and Mitigation with a tree planting and gardening program.

@ Distribution of food products and sari-sari store package under the DTI Livelihood Seeding Program in partnership wit DTI Cavite director Ms. Revelyn Cortez.

@ Meeting of the Municipal Peace and Order Council and Municipal Anti-Drug Abuse Council to combat the ills of illegal drugs.

@ Relief operation to help fire victims in Brgy. Congbalay-Legasp; financial and medical service programs for the Senior Citizens, Solo Parents and persons with disabilities (PWDs).


@ Pabahay projects in coordination with National Housing Authority; rehabilitation of municipal and barangay roads; livelihood opportunities for marginalized women, farmers and fisherfolks and other programs beneficial to all Kawitenos.

In her Facebook post, Miss Merlidina Valenton, said that Mayor Angelo Emilio Aguinaldo is "the best father to all Kawitenos."

She added: "Lagi mong inaalaala ang kapakanan naming Kawitenos. Keep safe always."

To know more about the 'Puso't Malasakit' program of Mayor Aguinalo, visit the official website of the Municipality of Kawit anf FB page of the mayor.

# Masayang Puno, Masayang Guro!



ni Gregoria S. Atas
EPS-SGOD
DepED, Cavite Province

Sundan sa p.3

# CAVITE-BATANGAS EXPRESSSWAY PROJECT IDADAAN SA SWISS CHALLENGE

ni Domz B. Caoile

UMAASA si Cavite Governor JonVic Remulla na sa unang linggo ng Nobyembre ay mailalathala na ang mga kahilingan ukol sa planong pagtatayo ng mahigit sa 27-kilometrong expressway mula Cavite patungong Batangas.

"We are looking at the first week of November for publication of the request for proposal," sabi ni Gov. Remulla.

Setyembre 14, 2022, tinanggap ng pamahalaang lalawigan ang kagustuhan ng SMC na mailatag at maitayo ang 27.06 kilometrong Cavite-Batangas Expressway Project (CBEP) -- na gugulan ng P27-bilyon.

Gayunman, kailangan munang dumaan ito sa Swiss Challenge -- isang proseso na binibigyan ng tsansa ang ibang kompanya na higitan ang alok ng SMC.

Magsisimula ang expressway sa bayan ng Silang, patungong Amadeo, Tagaytay City, Indang, Mendez at Alfonso, patuloy sa Nasugbu sa Batangas.

Ayon kay Gov. Remulla, inokeyan ang proposal ng SMC Group -- isa sa pinamalaking kompanya sa bansa na bantog sa pagtatayo ng malalaking impraesktruktura, expressway at iba pa.

Aniya, dumaan sa masusing pagsunod sa lokal na PPP code ang alok ng SMC.

"Its approval was in

Sundan sa p.2



*LOCAL PPP Code sinunod sa alok ng SMC: Gov. JonVic Remulla*

# JUSTICE FOR PERCY LAPID!

## Marcos remains committed to uphold right to free speech, press freedom

by ADELA R. ZAMORA



MARCOS: "We will support and protect the rights of media..."

PRESIDENT FERDI-NAND 'Bongbong' Marcos Jr. had ordered a probe on the killing of radiobroadcast journalist Percival, known better as 'Percy Lapid' as he assured the members of the media that personally he remains committed to upholding the right to free speech and press freedom.

Lapid, a former director of the National Press Club was murdered on Monday evening, October 3 in Las Pinas City.

Speaking with the members of the Manila Overseas Press Club (MOPC) during its President's Night in Pasay City, Marcos said he shared MOPC's "conviction in the importance of upholding the universal right of free speech and press freedom as well as giving and receiving accurate information."

The top officials of the Philippine National Police and the National Bureau of Investigation has started a probe to arrest the mastermind and killers of Lapid.

Marcos said that under his lead, the national government "willl support and protect the rights of the media as they efficiently perform their duty."

The Chief Executive added that the government is ready to lend an ear and listen to the media's concerns and is ready to answer all that the press people may want to know.

In another development, businessman and lawyer Alex Lopez on Tuesday, Oct. 4 has offered P1 million reward to anyone who can provide vital information to the killing of Lapid.

Lopez, the son of former Manila Mayor Mel Lopez said Lapid's relenless passion for truth and justice has become an equilibrum for preserving good governance and real public service in the national and local government.

Likewise, Lopez said the he trust President Marcos through the PNP remains committed to protecting human rights.

The 63-year old Lapid was known for his stinging criticisms of the administration of Marcos Jr. and former President Rodrigo Duterte.

Lapid hosted a radio news commentary show called 'Lapid Fire' on DWBL 1242.

Mabasa is the second journalist killed under the present administration, the frst ws the September stabbing murder of radio hosr Radio Blanco in Negros Oriental.

Roy Mabasa, also a journalist and former president of National Press Club released a statement condemning the killing of his brother.

"We strongly condemn this deplorable crime. It was committed not only against Percy. his family and his profession, but against his beloved Philippines and the truth.




PERCY is beloved by peers and foes alike

His family called for Justice. "Percy is beloved by many and highly respected by peers, fans and foes alike. His bold and sharp commentaries cut through the barrage of fake news over the airwaves and social media. We demand that his cowardly assassins be brought to justice."

# CAVITE-BATANGAS EXPRESSSWAY PROJECT IDADAAN SA SWISS CHALLENGE

ni Domz B. Caoile

consonance with all applicable laws and regulations," sabi ng gobernador.

Kung may iba pang batas at tuntunin na dapat sundin ng MPIC [Metro Pacific Investments Corp.] sa konstruksiyon ng proyekto katuwang ang DPWH [Department of Public Works and Highways], wala na ito sa kontrol niya, paliwanag ni Remulla.

Dagdag pa ng gobernador: "Our evaluation only covered the SMC project. We were never consulted by DPWH nor NEDA [National Economic and Development Authority] regarding the MPIC proposal."

Tinutukoy rito ni Remulla ay ang P22.4 bilyong proyekto ng Metro Pacific Tollway's Corp. katuwang ang DPWH sa pagtatayo ng Cavite-Tagaytay-Batangas Expressway Project (CTBEX).

Noong 2018, tinanggap ng DPWH ang alok ng MPTC na maitayo ang CTBEX na hanggang ngayon ay kinikilatis pa ng National Economic Development Administration (NEDA).

May habang 50.4 kilometro ang proyektong CTBEX na isang expressway mula Tagaytay City patungong Nasugbu at isa pang maikling kalsada patungong Tuy, Batangas.

# Pag-IBIG Fund has new CEO: Marilene Acosta

## CPPLI sees good partnership with new Fund's leadership

by FRANZ A. ORLAIN



All the best for Ms. Acosta

AN association of publishers in Cavite has expressed congratulations to the appointment of Ms. Marilene Acosta as acting chief executive officer (CEO) of Home Development Mutual Fund (Pag-IBIG Fund).

"We, members and officials of the Cavite Province Publishers League, Inc. (CPPLI) are thankful to President Ferdinand Marcos Jr. in appointing Ms. Marilene Acosta as acting chief executive officer (CEO)," said CPPLI president Ms. Rebecca M. Velasquez.

Ms. Acosta succeeded, Pag-IBIG CEO Acmad Rizaldy Moti.

Ms. Velasquez, also the concurrent executve vice president of the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) said she wish Ms. Acosta much success in her new post.

"We at PAPI and CPPLI look forward to the pleasure of working with you to strengthen our close ties and partnership in the service of our people," said Ms. Velasquez.

Ms. Velasquez added that media sector are all excited with your excellent brand of leadership, "we will build a better future for both our organizations."

In an earlier statement, Ms. Acosta said she is grateful for the trust that Pres. Marcos Jr. and DHSUD (Department of Human Settlements and Urban Development) Secretary Jose Rizalino Acuzar have given her on being appointed as the new Pag-IBIG CEO.

Likewise. Ms. Acosta thanked outgoing CEO Moti and her fellow

Sundan sa p.7

# DAGDAG NA TEACHER'S ALLOWANCE SA PUBLIC SCHOOL INIHAIN NI SEN. REVILLA

ni ADELA R. ZAMORA

MULA 2021-2022, tatanggap ng paunang P5000 alawans ang mga guro sa publikong paaralan.

Ito ay kung mapagtitibay na batas at lalagdaan ni Presidente Bongbong Marros ang Senate Bill No. 1092 at ang House version nito sa bicameral committee, na maraming public school teachers ang umaasang mangyayari.

Sa pagdinig sa Senado, hiningi ni Vice President at DepEd Sec. Sara Duterte ang halagang P848 bilyong badyet ng departamento para sa taong 2023-2024.

Iminungkahi naman ni Budget Sec. Amenah Pangandaman na bigyan ng P852-B ang DepEd.

Kaugnay nito, sa panukalang batas na iniakda ni Senador Ramon "Bong" Revilla Jr., nais niyang madagdagan ang alawans ng mga titser, tulad ng sumusunod:

P 5,000 para sa School Year 2021-2022,

P 5,000 during S.Y. 2022-2023,

P 7,500 during S.Y. 2023-2024, at



*Salamat po sa malasakit, Sen. Bong Revilla*

P10,000 during S.Y. 2024-2025.

Sa mungkahing batas ni Revilla, popondohan ng Department of Education

Sundan sa p.7

# The Publisher

by Henry E. CAOILE



## WE WILL PROTECT THE FREE DISCUSSION OF ISSUES

IS there a need for another weekly paper in Cavite?

Mas kailangan, madagdagan pa, sabi nga, "The more, the merrier."

It's part of our right to free expression, bahagi ito ng karapatan ng taumbayan, the right to information.

But we also subscribe to the idea that there is a limit to free expression: bawal ang pagkakalat ng kasinungalingan at kamangmangan.

This paper will help the 'aggrieved party the opportunity to give his/her 'true version' of the story.

By this, we will be able to secure true freedom.

BANTAYBALITA will be your 'Watcher,' your 'Guardian,'

We will be an instrument in shedding light against the spread of darkness.

BANTAY BALITA will try hard to be an asset -- not a liability -- to our people, to our society and to our government.

We will uphold press freedom, but not the freedom to malign and destroy: there is no such a thing as absolute freedom.

We will protect the free public discussion of issues.

BANTAYBALITA will be your observer, your watcher,your analyst and will become your instrument for progress.

Kung may mali, handa kaming ilantad iyon.

Sa mga dapat na ipagkapuri, aming pupurihin, aming pararangalan.

Tutulong kami sa mga gumagawa ng matuwid at mabuti sa kapwa at sa bayan.

Kung kami ay makagawa ng mali, handa kaming aminin at maituwid ang nagawang pagkakamali.

Di naman masama ang hindi maging perpekto; mas mabuti ang maging masigasig at masikap na maging matuwid.

Kung may inakusahan ng katiwalian nang walang sapat na batayan at gawa-gawa lamang, ang BANTAYBALITA ay magiging kasangkapan sa pagsisiwalat ng katotohanan.

Yes, in this paper, we will allow divergent views.

"Opinions" are welcome that will help us lead to wise thinking and right living.

We will rejoice with people and organization with good-intention hearts.

To BANTAYBALITA, journalism is a sacred vocation.

We thank God for this opportunity to serve the people.

We pray that you, our dear Readers, our dear Sponsors and the People, will help us to be good, sensible, upright and courageous journalists.

Samahan po n'yo kami sa hangad naming makabigay ng makabuluhan, maaasahang impormasyon at balita na makatutulong sa ating minamahal na bayan.

Kami po, kung inyong mamarapatin at pagtitiwalaan, ay inyong magiging Bantay ng Bayan.

Magandang araw po!

# Masayang Puno, Masayang Guro!

KUNG ikaw ang papipiliin, ano ang mas gusto mong katangian ng isang guro?

Kay-gandang pagmasdan sa mga paaralan --pribado man o pampubliko--ang makakita ka ng mga guro na may magagandang personalidad: maayos, masipag, masigasig sa pagtuturo, puno ng ideya, malikhain, at masaya.

Sa nakalipas na dalawang taon, nasaksihan natin kung paano ganap nating naging kaagapay ang mga guro upang maipagpatuloy ang serbisyong tapat at sapat para sa Batang Kabitenyo sa kabila ng nararanasang pandemya.

Hindi maipagkakaila ang kanilang mga naging kahandaan sa pagbibigay ng dunong sa mga mag-aaral at patuloy na komunikasyon sa mga magulang at iba pang lingkod-bayan sa komunidad.

Paano nga ba naisakatuparan ang lahat ng ito? Mag-isa lang ba silang tumahak sa landas na ito upang maging matagumpay?

Dito nakikilala ang kahalagahan ng isang pinuno ng paaralan. Ang kanilang "puno," na kung tawagin natin ay mga "punongguro." Ang masayang puno ay nagbibigay ng inspirasyon sa kanyang mga kasama, nagbibigay rin siya ng suportang materyal para maisagawa ang mga bagay na sa tingin ng mga guro noong una ay mahirap isakatuparan.

Ang masayang puno ay nagbibigay ng sapat na panahon upang dinggin ang pangangailangan ng kanyang nasasakupan at bigyan ito ng karampatang kasagutan. Ang masayang puno ay umaagapay sa kanyang mga kasamahan. Nagbibigay-linaw siya sa mga isyu na nararapat malaman ng mga guro at umaalalay upang sila ay makapagpasya, ayon sa inaasahan.

Siya rin ay nagbibigay ng papuri sa mga natatamasang tagumpay ng bawat miyembro ng paaralan.

Ganito ka rin ba sa inyong paaralan? Nararanasan mo ba ito sa inyong paaralan?

Wika nga ng iba, "Ang masayang puno ay masayang namumunga ng masasayang guro."

Panahon ng Oktubre, panahon para muling kilalanin ang kahalagahan ng mga guro at ang mga ambag nila sa lipunan upang iangat ang kalagayang pang-edukasyon ng mga kabataan.

Ang ilan sa mga gawain sa pagdiriwang ng "Pandaidig na Pagdiriwang ng Buwan ng mga Guro" ay ang gawaing pagbibigay parangal sa kanila, pagbibigay ng mga libreng kagamitan pampaturo, discount privileges sa mga establismento tulad ng mall, restaurant, spa center, at mga ospital.

Ang kasiyahan ng guro ay nagmumula sa iba't ibang aspeto. Maaring masaya na siya na makitang natuto ang mga mag-aaral niya. Masaya na siya na makasama ang mga kapwa guro na walang iniintinding problema. Masaya na siya na malamang may sapat siyang kagamitan pampaaralan na nagmula sa puno ng paaralan. Masaya na siya na makitang patuloy na gumagabay sa mag-aaral ang mga magulang sa mga gawain sa paaralan. Masaya na siya na makitang sapat ang kinikita sa para sakanyang pamilya. Masaya na ang guro kung mabigyan sila ng pagkakataong makilahok sa ibang gawain para sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad. Masaya ang guro na makita, kilalanin, at pahalagahan ng kanyang puno ang kanyang abilidad, kakayahan at kontribusyon sa paaralan.

Masaya ang guro na sila ay bigyan pagkilala at parangalan. Masaya ang guro sa tamang paraan ng pagtrato sa kanila, maayos na pinamumunuan, minamahal at iginagalang ng kanilang pinuno, magulang, komunidad at ng kanilang mag-aaral.

Bilang isang guro, saan at sa paanong paraan ka ba sasaya sa iyong paaralang sinisinta? Ikaw na ang magpasya.

Mabuhay ang masayahing guro sa modernong panahon!

# Buti nga sa inyo!

by GENE T. TAN



## P.9.3M MULTA ISINAMPAL SA MAYNILAD

DAHIL sa matagal na patak-patak, putol-putol na serbisyo sa tubig sa West concession area ng Maynilad Water Service Inc. (Maynilad, pinatawan ito ng multang P9.3 milyon ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System Regulatory Office (MWSS-RO).

Sa imbestigasyong ginawa ng MWSS, napatunayan ang maraming reklamo ng mga water consumer na totoo ngang nagpabaya at patuloy ang masamang serbisyo ng Maynilad sa sineserbisyuhang West area.

Ayon kay Patrick Lester Ty, MWSS-RO chief regulator, hindi nakatupad ang Maynilad sa obligasyon nito na tiyakin na laging may serbisyo ng tubig sa mga customer nito sa mga siyudad ng Las Piñas, Muntinlupa, Parañaque at sa siyudad ng Bacoor, Imus at mga bayan ng Noveleta at Rosario sa Cavite.

Nangyari ang masamang serbisyo mula buwan ng Mayo hanggang Hunyo ngayong taon.

Sabi ni Ty:" ... the penalty will be implemented in the form of bill rebates to affected Maynilad customers by November."

Ngayong Oktubre, magpapakalat ang MWSS at Maynilad ng impormasyon kung paano ito gagawin.

Sa opisyal na pahayag, sinabi ni Jeniffer Rufo, hepe ng Maynilad head of corporate communications na handa silang sundin ang ipinataw na multa ng MWSS-RO.

Maynilad

# 100 DAYS OF HAPPINESS SA SM SUPERMALLS

By LUKAS DA SILVA




*Hinihikayat ni SMPHI President Steven T. Tan na suportahan at tangkilikin ng publiko ang mga produktong likha ng mahihirap na sektor ng lipunan na na ibinebenta ngayon sa 76 na SM Supermalls.*

SINIMULAN nitong nakaraang Setyembre 16, hinihikayat ng, SM Supermalls ang mga Filipino na suportahan ang mga indibidwal at samahan na nagmamalasakit na mapayabong ang kanilang ikinabubuhay.

Tinawag ito na "Circle of Happiness" sa loob ng 100 araw kaugnay ng palapit na Kapaskuhan, sinabi ni SM Prime Holdings,Inc. President Steven T. Tan na katuwang ang 76 supermalls at shopper sa pagbibigay ng kasayahan at sigla sa hanapbuhay sa mga likhang produkto at sining ng maliliit na sektor ng kababaihan, mga taong nasa bilangguan, mga mapagmalasakit na samahan, at ilang piling lokal na pamahalaan.

"Sa lahat ng aming SM malls ay iaalok namin bilang paninda ang magagandang produkto ng mga samahang ito sa ating mga shoppers. Maireregalo nila ito sa kanilang mga kaibigan, kapamilya, at makikinabang naman ang mga samahan na gumawa ng mga nabanggit na produkto," sabi ni Tan sa English.

Ngayong taon, kapartner ng SM ang mga likhang bag ni Zarah Juan (Spark PH), Girl Scouts of the Philippines (GSP), Association of Foot and Mouth Painting Artists of the Philippines, UNICEF, at Quezon City local government unit para sa 'Vote to Tote initiative,' at iba pa.

Umatend sa event na ginanap sa SM North EDSA The Block si SM Supermalls president Steven Tan at Senior Vice President for Marketing Joaquin San Agustin; Quezon City Mayor Joy Belmonte, VM Gian Sotto, ilang konsehal ng siyudad, Spark PH founder Mica Teves; GSP president Dr. Nina Lim-Yuson; designer Zarah Juan; at Brownies Unlimited marketing head Dustin Ngo.

Ngayong taon, sa bawat pakete ng bibilihing Brownies Unlimited na may special GSP-themed box sa SM malls at sa SM Malls Online App ay may katumbas ng libreng membership sa isang nais maging kasapi ng GSP.

Nabatid na lumiit ang dami ng mga kasaping GSP dahil sa hirap na gawa ng pandemyang Covid-19, sabi ni GSP President Nina Lim-Yuson.

" By buying a box, makapag-i-sponsor kayo ng isang batang babae sa isang taon," sabi ni Lim-Yuson.

Aniya, sa pagsapi sa GSP, matuturuang maging independyente, mapagmahal sa bayan at sa komunidad ang isang batang GSP.

Kamakailan, sa tulong ng SM Supermalls lahat ng 70,000 batang GSP sa bansa ay nabigyan ng bakunang panlaban sa Covid-19.

Sa tulong naman ni Designer Zarah Juan natuturuan ang kapos sa buhay na kababaihan at mga presong babae sa paggawa ng magagandang disenyong tote bag mula sa niresiklong tarpaulin.

Sinabi naman ni QC Mayor Belmonte na masuwerte at natutuwa siya na maraming kapos sa buhay na residente ng siyudad ang makikinabang sa kampanyang '100 Days of Happiness' ng SM Supermalls.

Aniya, nitong nakaraang eleksiyon, mahigit sa 70 toneladang tarpaulin na ginamit sa nakaraang eleksyon ang naipon at ang mga ito ang ginagamit sa paggawa ng magagandang disenyong tarpaulin tote bags.



*Masayang lumahok sa 'Happiness Walk' ay ilang kasaping Girl Scouts, sina Jeremy Lapena at Bernce Sevilla ng Down Syndrome Association of the Philippines, Inc., Mylene Abiva ng WomenBiz at sina Ces Oreña Drilon at Gina Pareño,kapwa sikat na personalidad sa telebisyon at cinema.*

Imbes na maging tambak na basura, sa tulong ni Maica Teves ng Spark PH, maibebenta at mapagkakakitaan pa ang ang mga dinisenyong tote bags bags na idinidispley sa mga SM Supermalls at shoppers.

Sa ginanap na 'Happiness Walk' naipakita sa publiko ang malikhaing disenyo ng gawang tote bags mula sa tarpaulin na mabibili ngayon sa SM malls

Nabatid na lahat ng kikitain sa mga produktong ibinibenta sa SM Aura Premier, SM Southmall, SM City Fairview, SM City North EDA at SM Megamall ay ibibigay sa detenidong babae sa a Camp Karingal, mahihirap na babae sa Barangay Sto. Cristo, Brgy.Greater Lagro at Brgy. Pinyahan sa Quezon City.

Makabibili naman sa SM Mall of Asia family ng magagandang disenyong Christmas cards na gawa ng Association of Foot and Mouth Painting Artists of the Philippines.

"Let us not waste our next 100 days and use it to make one another happy by giving. Today, let the countdown begin to a hundred days of happiness!" sabi ni Tan.

Noong 2021, inilunsad ng SM Supermalls ang "100 Days of Caring' na nabigyan ng kasiyahan at pag-asa ang maraming pamilyang kinakapos sa sa buhay, at ito ay patotoo sa malaking pagmamalasakit at pagmamamahal ng SMPHI sa pamilyang Filipino.

Sabi nga ni SMPHI President Tan, "Christmas is sharing. Mahal namin ang bawat kababayan, bawat pamilyang Filipino."

Bisitahin at sipatin lamang ang at ang @smsupermalls sa lahat ng social media accounts nito upang makita ang iba pang kapartner at mabibiyaan ng kampanyang '100 Days of Happines'..




*GSP BROWNIES. Kapartner ang SM Supermalls at Brownies Unlimited, iniarangkada ng Girl Scouts of the Philippines ang s GSP-themed brownies simula Set. 16 hanggang Disyembre 15, 2022.*

# AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE



## THE ANTI-MENDICANCY LAW

This is our maiden issue of BantayBalita or simply BB and we are glad to serve you, our dear readers and subscribers.

A little observation this past days that I would like to impart to you: NAPAPANSIN ko lang po, tila dumarami ang mga nagkalat na pulubi sa ating paligid.

It is alarming to witness the the increasing number of mendicants o namamalimos, at this time of giving and sharing -- na nakaugalian natin at likas na ugaling Filipino, lalo ngayong Kapaskuhan.

We see them reaching out their hands to ask for alms and a little kindness from us and some would even climb on jeepneys just to pass on some envelopes to ask for donations.

May nakikita kami na batang-ina na bitbit o karga ang isang gusgusin, antok na antok na sanggol na ipinanghihingi niya ng "Pangkain, panggatas lang po."

Dahil likas tayong maawain, nagbibigay tayo kung may kayang maibigay, pero alam ba natin, may batas po tayo na ipinagbabawal ang paghihingi at pagbibigay ng limos?

The Presidential Decree No. 1563 ( Anti-Mendicancy Law of 1978) states that giving alms to the needy people who take to the streets to ask for alms is not the right way to help them.

Sa halip na makatulong, nagiging dahilan pa ito ng pagdami ng mga pulubi, namamalimos at nagpapasikip pa sa mga daan dahil bigla na lang, tatawid sa kalsada, sasampa sa mga jeep o bus, o nakaharang sa mga daanan.

Giving alms, ang magbigay ng limos, would only make beggars think that they don't need to find a decent job anymore to earn money. Kasi pwede namang magkaroon ng perang pambili ng pagkain, kahit hindi magtrabaho.

At para sa ilan sa kanila, isang uri ng trabaho ang mamalimos.

Wag ipagkamali na tutol o ayaw namin na maging maawain at magbigay-tulong sa kapwa, lalo na sa nangangailangan. Hindi po ito ang nais namin: Kung maysapat tayong kakayahan na magbigy, ang tumulong sa ating kapwa, gawin natin.

What we are saying is that what the law aims is to eradicate widespread street begging in our community. The truth is that we all want not to see people begging food or money on the streerts.

Let us know who are covered under this decree.

They are: Mendicants ( mga pulubi); Exploited infants or children (8 years and below); Minors found begging.

Thosee who are covered by Presidential Decree No. 603 (Child and Youth Welfare Code); Parents of exploited infants and children criminally liable under Article 59 and 60 of Presidential Decree No. 603 ().

@@@

E, sino po ba ang tinatawag na medicant? Mendicant refers to any person who has no visible and legal means of support and instead uses begging as a means of living.

Sila 'yung mga tao na walang kakayahang at kapasidad na buhayin ang sarili sa pamamagitan ng pagtatrabaho, at namamalimos upang kahit paano ay may makain at mabuhay.

May batas na nag-uutos na arestuhin at bigyang kalinga at malasakit sa mga taong namamalimos, ayon sa batas.

The law says: Any infants or child 8 years old and below who is found begging or is being utilized by a mendicant for purposes of begging shall be apprehended as a neglected child and shall be committed to the custody and care of the Department of Social Services and Development or to any licensed child placement agency.

Kukunin ng nakasasakop na local government unit and municipal/city social welfare and development office o kaya sa tinatawag na half-house para sila maalagaan.

Ito pa ang sabi sa batas: Any minor over 9 years of age under 15 found begging or is being utilized for purposes of begging and who acted without discernment shall be apprehended as a neglected child and shall be committed to the custody and care of the Department of Social Services and Development or to any licensed placement agency.

Any minor over 9 years of age and under 15 who is found begging or is being utilized for the purpose of begging and who acted with discernment shall be proceeded against in accordance with the provisions of Chapter 3, Title VIII of Presidential Decree No. 603.

Ano pa po ang dapat nating malaman? Any person not otherwise covered in the preceding paragraph of this Section who is found begging and who is physically or mentally incapable of gainful occupation shall be provided the integrated package of services by the Department of Social Services and Development, the Welfare units of local governments and other cooperating agencies

@@@

What are the penalties?

The decree says a mendicant upon conviction can be punished by a fine not exceeding P500 or by imprisonment for a period not exceeding 2 years or both at the discretion of the court.

Wala na ngang hanapbuhay, magmumulta o makukulong -- na ang iba, mas gustong makulong kasi sa loob ng piitan, may pagkain na, may bantay pa.

Habitual mendicant shall be punished with a fine not exceeding P1,000 or by imprisonment for a period not exceeding 4 years or both at the discretion of the court.

Any person who abets mendicancy by giving alms directly to mendicants exploited infants and minors on public roads, sidewalks, parks, and bridges shall be punished by a fine not exceeding P20.00.

Kung mahuli tayo na nagbibigay-limos sa mga pulubi, mga bata o sanggol o menor de edad na nakakalat sa mga daan, parke, tulay o lugar publiko, multang hindi hihigit sa P20 ang parusa.

Kung ganyan lang naman ang multang parusa, e sino ang mapipigilang magbigay-limos, lalo na kung pinipiga na sa awa ang magbibigay ng limos?

Ginawa ni dating Presidente Marcos Sr. ang dekretong ito sa layunin niya na makontrol at mawala ang panlilimos at mabigyang proteksiyon ang buhay, at dignidad ng mamamayang Filipino.

# COL. OLAZO INSTALLED AS NEW CAVITE POLICE CHIEF

*By Ruel B. FRANCISCO*
*Philippine Information Agency*

IMUS City – Former Bacoor City PNP Chief Police Colonel Christopher Olazo was recently appointed to head the Cavite Provincial Police Office (PPO) to guarantee peace and order and safeguard the security of the 7 cities and 16 towns in the province.

Police Brigadier General Jose Melencio Nartatez, newly appointed Police Regional Office (PRO-4A) Regional Director formally installed PCol. Olazo as the new Officer-in-Charge of the provincial police force in simple rites held at Cuartel, Camp General Pantaleon Garcia, Barangay Poblacion 1-A here.

Olazo, a native of Silang town expressed his gratefulness for the trust given to him to head the provincial police. He replaced PLt.Col. Sherwin Maglana who was appointed as Acting Provincial Director on August 29, 2022.

The new provincial PNP chief signified in his speech on continuing to carry on the policies, directives, and programs of the PNP including the 7-point agenda of the Acting Regional Director, PRO CALABARZON.

` Acting Regional Director PBGen. Nartatez complimented the efforts of the previous Provincial Director and other officers for the successful management of all activities both in administrative and operational aspects.

He also expressed his gratitude to the stakeholders and the community for their continuous support to the plans and programs of the PNP. He also emphasized the significance of the "KASIMBAYANAN" (Kapulisan, Simbahan at Pamayanan) which focused on the Spiritual and Moral enhancement of PNP Personnel towards the attainment of PNP Mission and Vision.

Likewise, Governor JonVic Remulla expressed his appreciation to all the men and women in uniform for their unwavering support to the province, adding that future projects for the transferring of Cavite Police Provincial Headquarters to Trece Martires, Cavite, provision of additional Mobile Patrol Cars, housing for PNP Personnel and a proposed P1B for CCTV systems in aid of fighting criminality are included in his priority projects. **(RBF/PIA-Cavite)**

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

**Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!**
**Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services**
**Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.**
**Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite**
**Phone: 09274890759 / 09289406369**
**E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com**


*Publisher:* HENRY E. CAOILE
*Editorial Consultant:* ELI TAPARAN II
*Executive Editor:* DOMZ B. CAOILE
*Special Projects Director:* ADELA R. ZAMORA
*Circulation Manager:* LIZA FE BONETE
*Contributing Editors:* RUEL B. FRANCISCO, NOLI LIWANAG, BIG 'BOY' JAVINES
*Writers:* LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED G. CUENCA, RICKY 'TISOY' CARVAJAL
*Art & Production Manager:* ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.
Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.
Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Sec. Boying ipinakilala ang mga makakatuwang sa DOJ

ni ELI TAPARAN II

IPINAKILALA kamakailan ni Justice Secretary Jesus Crispin Remulla sa publiko ang mga hinirang na undesecretary, assistant secretary at maging ang direktor ng witness protection program (WPP) ng bagong administrasyon ni Presidente Bongbong Marcos Jr.




*Sec. Boying Remulla (ika-anim mula sa kaliwa) kasama ang mga undersecretary, assistant secretary ng Department of Justice at director ng witness protection program (WPP) ng gobyerno.*

Ang mga bagong itinalagang opisyal ng DOJ officials ay sina: Undersecretary Raul T. Vasquez; Undersecretary Jesse Hermogenes T. Andres; Undersecretary Jose R. Cadiz; Undersecretary Brigido J. Dulay; Undersecretary Deo L. Marco; Undersecretary Geronimo L. Sy; Undersecretary Nicholas Felix L. Ty; at

Assistant Secretary Mico F. Clavano; Assistant Secretary Majken Anika S. Gran-Ong; Assistant Secretary Jose Arturo R. Malvar; Assistant Secretary Randolph A. Pascasio, at si Atty Jose Marino C. Bernardez, director ng WPP.

"Meet the newly-appointed Departmenbt of Justice Undersectaries and Assistant Secretaries ... Congratulations on your appointments. Sila ang ating makakatuwang sa pagbibigay ng tapat na pamamahala sa DOJ," sabi ni Sec.Remulla.

Panganay na anak ng namapayang dating Cavite Governor Johnny Remulla si Sec. Jesus Crispin na mas kilala sa palayaw niyang "Kuya Boying."

Kapatid niya si Gov. Jonvic Remulla at dating Cavite 3rd District Congressman Gilbert Remulla na ngayon ay director ng Philippine Amusement and Gaming Corp. at nabalitang isa sa pinagpipilian ni Marcos Jr. na ipalit sa nagbitiw na Press Secretary Trixie Cruz-Angeles.



*Dating 3rd Cavite District Congressman Gilbert Remulla*

Sa kainitan ng nakaraang eleksiyon ng Mayo 9, ipinangako ng magkakapatid na Remulla ang mahigit sa 800,000 boto para sa magkatiket na Marcos at Davao City Mayor Sara Duterte.

Kapwa nakakuha ng mahigit sa isang milyong boto sina Bongbong at Sara sa Cavite na ikalawa sa 'vote-rich province' sa bansa na may mahigit sa 2.3 milyong rehistradong botante.

Dating gobernador, kinailangang magbitiw bilang Deputy Speaker ng House of Representatives at kongresista ng 7th Cavite District si Kuya Boying nang hirangin ni PBBM na kalihim ng DOJ.

# KALAYAAN HOSPITAL GAGAWING CAVITE DISTRICT ONE HOSPITAL

ni Eli TAPARAN
Editorial Consultant

MAYROON tayong Universal Health Care (UHC) program na awtomatikong kasali rito ang lahat ng Pilipino, pero kinorap lang ng mga implementor nitong mga opisyal ng PhilHealth.

Mga doktor, paboritong ospital at mga klinika lamang ang nakinabang at nagkamal ng daan-daan milyong piso na ayon sa imbestigasyon ng Kongreso at Senado, batbat ng anomalya, korapsiyon at walang pakialam na paglulustay lamang sa kontribusyon ng mga kasapi ng PhilHealth at badyet na inilaan dito ng gobyerno.

May nangyari na ba sa rekomendasyon ng Kongreso na kasuhan ang mga hinihinalang nagbulsa sa pera ng PhilHealth?

Nasayang lang yata ang RA 11223 tungkol sa UHC na ipinurisige ni dating Presidente Digong Duterte noong 2019 na mabadyetan.

Pero sa Distrito Uno ng Cavite, sinisikap na ng bagong kongresista nito na magkaroon ng sariling ospital publiko ang mga mamamayan ng Kawit, Noveleta, Cavite City at Rosario.

Sa kanyang Facebook page, ipinoste ni Congressman Jolo Revilla na minamadali na sa tulong ng Department of Health at ng local chief executive ng Distrito Uno na maitayo ang sariling District One Hospital.

Sa nakaraang mga miting sa mga opisyal ng DOH at kay Dra. Joy Caballes, direktor ng Kalayaan Hospital ay tinalakay ang mga problema at kakulangan sa Kalayaan Hospital, isang publikong pagamutang bayan sa Kawit.

Ayon kay Cong. Revilla, naghatag na siya ng panukalang gawing District Hospital ang Kalayaan Hospital.

Ipinaayos na niya ang mga kailangang mga makina, gamit at bagong pasilidad ng nabanggit na ospital, sabi ng kongresista.

Mga kailangang mailagay roon ay ambulansiya, dialysis machine, personnel and stocks vehicle, dagdag na hospital beds at paggawa ng dagdag na wards, mga laboratoryo at mga gamit doon, at siyempre ang badyet para sa dagdag na doktor, narses at mga medical personnel.

Sa conversion bill na inihatag ni Cong. Revilla sa House of Representatives, nais niyang maitaas ito sa Level 2 District Hospital -- na may mas kumpletong serbisyong medikal tulad ng 2D echo, ultrasound, x-ray at maraming iba.

Noong bise-gobernador pa si Revilla, madalas siyang napapasyal sa mga pagamutan sa Cavite at nakita niya ang aping kalagayan ng mahihirap na pasyente.

Mas takot magpagamot sa ospital ang mga pasyenteng kapos sa buhay.

Sabi nga nila, mas nakamamatay ang libo-libong pisong bayad sa operasyon, doctor's fee at hospitalization at iba pang laboratory test, bukod pa ang mga gamot.



*Cong. Jolo Revilla: Konting tiis lamang po,...*

Kung mangyayari ang nais ni Cong. Revilla, aniya, "... makapag-accommodate ng mas madaming bilang ng pasyente hanggang 100 hospital beds," ang Kalayaan Hospital.

Nakikiusap ang batambatang kongresista sa mga Caviteno na suportahan ang panukala niyang conversion ng Kalayaan Hospital, at tiwala rin siya, "tayo po ay susuportahan ng ating kapwa congressman sa Cavite at ng iba pang kasama natin sa House at sa Senado."

"Konting tiis lamang po, kung noon ay nakapaghintay kayo ng maraming taon, siguro naman, sa loob ng dalawa o tatlong taon, matutupad natin ang pangarap na sariling District One Hospital," sabi ni Cong. Revilla.

Basta lagi niyang sinasabi, siya ay lagi sa totoo at maaasahang serbisyo sa mamamayang Filipino.



PAPI Congress: Top officials of the Publishers Association of the Philippines, Inc. (PAPI) meet up with Department of Science and Technology UnderSecretary Dr.. Sancho A. Mabborang to finalize the proposed partnership with the associations' 26th National Press Congress scheduled to happen at Cagayan de Oro City (CDO) on December 6,7,8, 2022.

Beside USec Mabborang at the center is Nelson Santos, PAPI president and Ms Rebecca Velasquez, PAPI Executive Vice President.

The media event is in cooperation with DOST Region 10, the local government unit of CDO and provincial government of Misamis Oriental and in partnership with Kapisanan ng Brodkaster sa Pilipinas (KBP), Philippine Press Institute (PPI) and Philippine Online Broadcasters Association (POBA).

Santos thanked Mabborang saying,"Salamuch Usec Sancho Mabborang for always being there to support PAPI."

In jest, Velasquez said: "Yes, brighter days are ahead of us... Tiwala lang my PAPI family.

# DAGDAG PONDO SA OFW HOSPITAL HININGI NI SEC. OPLE

**ni ED G. Genova**

UPANG mas mabigyan ng maayos na serbisyong medikal sa mga nagkakasakit na overseas Filipino workers (OFWs) at kanilang kapamilya, hiniling ng Department of Migrant Worker na dagdagan ito ng pondo.

Ang ospital ay nakatayona sa Mabalacat, Pampanga.

Sa panayam, sinabi ni Migrant Sec. Susan 'Toots' Ople, sa Senado na suportahan ang panukalang bigyan ng sariling charter ang OFWs upang maisama ang badyet nito sa General Appropriations Act.



*P15.2 bilyong pondo OK na, ipinapasalamat ni Sec. Susan Ople*

Nabatid na P13 milyon lamang ang pondong naibigay ng Department of Budget and Management (DBM) sa halip na P500 milyon na hiningi ni Ople para pondohan ang operasyon ng ospital.

Bukod sa ospitalsa Pampanga, sinabi ni Ople na balak na magpatayo ang gobyerno ng mga OFW ward sa lahat ng regional at national hospital sa buong bansa upang doon magamot ang mga nagkakasakit na OFWs.

"Ikinokonsider ni Pangulong Bongbong Marcos na magkaroon ng OFW ward sa mga government hospitals para magamot sila at ang kanilang pamilya," sabi ni Ople.

Nabatid pa na nakalusot sa committee level ng Senado ang hinihinging P15.2 bilyong badyet ng DMW.

Aabot sa 77 porsiyento ng P15.2 bilyon ay mapupunta sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) at 23 porsiyento naman sa Office of the Secretary.

Plano ring maglaan ng pondo para sa programang scholarship sa mga anak ng OFWS.

# KAHIT IPAGPALIBAN, COMELEC TULOY SA PAGHAHANDA SA BRGY-SK ELECTIONS

**ni ED G. CUENCA**

WALANG batas na nagbabawal sa Commission on Elections (Comelec) na ituloy ang paghahanda para sa Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) sa Disyembre 5 kahit may panukalang batas na ipagpaliban ito.

Ayon sa batas na inokeyan ng bicameral committee ng Senado at ng House of Representatives, sa Oktubre 2023 na idaraos ang eleksiyong barangay at SK.

Sabi ni Comelec Chairperson, mas mabuti nang nakahanda sila anomang oras sa eleksiyon.

""In truth, it is clear that we are not prohibited from preparing in advance for the elections. We can prepare early for the elections." aniya.

Hindi naman masasasyang, sabi pa ni Garcia ang mga supply at iba panggamit sa eleksiyon na bibilhin ng Comelec para sa botohan sa Disyembre kahit na ipagpaliban ang botohan sa ibang petsa.



*COMELEC Chief George Garcia: Tuloy kami sa paghahanda sa eleksiyon.*

Nasa mesa na ni Presidente Bongbong Marcos Jr. ang panukalang batas at waa a pang balita ang Palasyo kung ito ay pinirmahan o tinanggihang pirmahan ng pangulo.

Kung hindi pirmaha o i-veto, sinabi ni Garcia na mabuti na rin iyon "kasi nakahanda kami kung matuloy ang eleksiyon sa Disyembre 5."

Kung nakapag-imprenta na para sa eleksiyon sa Disyembre 5, 2022, magagamit pa rin ang mga balota at iba pang gamit at dokumento at tanging gagawin ng komisyon ay maglabas ng resolusyon na nagsasaad na ito ang parehong mga balota na gagamitin para sa Oktubre 2023.

Pinag-aaralan ng legal team ng Comelec ang posibleng problema kung maipagpaliban ang eleksiyon at gagawan nila ng paraan upang makasunod sila sa audit rules and regulations ng gobyerno.

"If the elections are not pushing through, can we still pay our suppliers for the elections? We are looking at this if the law will still allow us," paliwanag ni Garcia.

# DAGDAG NA TEACHER'S ALLOWANCE SA PUBLIC SCHOOL INIHAIN NI SEN. REVILLA

(DepEd) ang dagdag na alawans mula General Appropriations Act sa bawat taon.

Pinasalamatan ni Ms. Elizabeth S. Junio, guro ng Buhay na Tubig Elem. School sa Imus City ang SB No. 1092 ni Sen. Revilla..

"Salamat po, Sen. Bong sa inyong malasakit sa aming public school teacher. Malaking tulong ito sa amin. Kasi po, sariling pera namin ang ipinambibili ng chalk, at iba pang teaching materials," sabi ni Ms. Junio.

Nabatid ng BantayBalita nasa inilabas na DepEd Order 010s-2020 noong Hunyo 2020, tinawag na cash allowance ang P3,500 "chalk allowance" para mabawasan ang gastusin ng mga guro sa sa loob ng paaralan.

# Pag-IBIG Fund has new CEO: Marilene Acosta

## CPPLI sees good partnership with new Fund's leadership

**by FRANZ A. ORLAIN**

Lingkod Pag-IBIG for their support, as well as the Organization of Socialized and Economic Housing Developers in the Philippines Inc. and the Subdivision and Housing Developers Association Inc., for the endorsements.

Ms. Acosta assured all of them, and all r members, partner developers, partner employers and stakeholders, that with her leadership," we at Pag-IBIG Fund shall remain committed in providing them responsive and excellent service."

Her resume said that Ms. Acosto rose from the ranks since starting her career as an accounting clerk in Pag-IBIG Fund's Baguio Regional Office in 1981.

Since then, Ms. Acosto from Narvacan, Ilocos Sur, who is a certified public accountant became a Career Executive Service Officer V.

Later she was appointed as s Pag-IBIG Fund deputy CEO for home lending from March 2017 to September 2022, and during her incumbency, the agency released consistent record highs in housing loans, which enabled a record-high number of members to acquire their own homes.

Moti said that the appointment of Acosta would ensure continuity in the agency's directions toward sustaining and building on the many gains it has accomplished over the recent years.

" I truly wish her and Pag-IBIG all the best," Moti said.

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 1 | 10.00 | OCTOBER 3 - 9, 2022

# 10-MEGAWATT SOLAR PROJECT AT CAVITE, BAGUIO CITY ECO ZONES

**by Gene T. Tan**



IN a statement released the past week, the Philippine Economic Zone Authority (PEZA) said that the Upgrade Energy Philippines, Inc. (UGEP) will develop and implement 10-megawatt (MW) solar projects at the Cavite Economic Zone (CEZ) and Baguio City Economic Zone (BCEZ).

The memorandum of understanding between the PEZA and UGEP was signed on Sept. 22.

"Under the memorandum of understanding, UGEP will conduct feasibility studies in CEZ and BCEZ to determine the viability of the first phase projects prior to its implementation," PEZA said.

The agreement also allows UGEP to generate and sell solar power to end consumers in the zones through the designated distribution utilities within the ecozones.

Tereso O. Panga, PEZA officer-in-charge and deputy director general for policy and planning said that the agency will assist UGEP in the studies, identification of land areas within the zones suitable for the project, and registration of the solar photovoltaics under the PEZA.

"Promoting the use renewable energy are extremely paramount in our country so we can save billions of pesos in energy and electricity consumptions," Panga said.

He added that the project when realized will generate more jobs and at the same time, reduce the country's share of carbon emissions, therefore, fighting the adverse effects of the global climate change.

## REVANZE



**by Domz B. CAOILE**
**Executive Editor**

# TRUTH AND FAIRNESS

MINAMAHAL naming mambabasa:

This is our maiden issue of the BantayBalita (loosely translated, News Watch), the paper for you to enjoy.

A new reading material that will be honest, responsible to you, our dear readers.

Our -- and your BantayBalita (BB for brevity) will cover important political, social and human-interest stories in our historical province of Cavite and from around the nation.

The Editorial Desk will try hard to bring you news coverage about important events, people and places relevant to you.

Mayroon din itong mga pahina para sa insightful opinion section tungkol sa maiinit at mahahalagang isyu; mayroon ding pahina para sa inyong reaksiyon o komento, minamahal naming tagapagtangkilik.

We believe that you, our dear readers has the right to express your feelings, thoughts and that we respect your right to form your own opinion.

As an independent newspaper, we endeavor to cover important news and topics in an unbiased way with no hidden agenda.

Naniniwala kami na ang susi sa pagtuklas ng katotohanan ay magbibigay sa atin ng isang malusog na demokrasya.

Igagalang namin ang kasalungat na opinyon ng bawat isa, tulad ng sabi ng isang paham na Asyano: Hayaang bumukadkad ang sanlibong bulaklak at hayaang ang madla ang magsabi sa kung ano ang mas mahalimuyak.

Truth and fairness are key to a health democracy.

But we will not only inform. uplift and entertain: If need be, we will help expose the truth behind controversies and damaging activities of people and organizations.

Umaasa kami, simula sa isyung ito, lagi namin kayong makakasama sa pagtuklas ng mahahalaga at masusustansiyang impormasyon at kaalaman at tayo ay maging bahagi ng tunay na paglilingkod sa bayan.

Before, I forget, 'Happy Birthday' to our Editorial Consultant, Kuya, Boss Eli Taparan, who is celebrating his 76th year of " maluwalthating pagtanda pa" last Oct. 07/

Likewise, to our good friend businessman, Sir Jojit Cabarloc Jr. (Oct. 3) and former Imus City Mayor Emmanuel (Oct. 12): Maligayang kaarawan po.

For your comments, here's our email: domzcaoile@yahoo.com

GOVERNOR JONVIC REMULLA

Isang malugod na pagbati ang aking ipinaaabot sa paglulunsad ng unang isyu ng pahayagang BantayBalita.

Nawa ang adhikaing inyong nasimulan ay maghatid sa mamamayang Kabitenyo ng mga makatotohanang balita at napapanahong impormasyon.

Hangad ko ang inyong tagumpay at manatili sana kayong tapat sa inyong simulain upang maging katuwang namin kayo sa pagsusulong ng isang mulat na sambayanan at maunlad na lalawigan.

Mabuhay ang malayang pamamahayag!

**SGD. Juanito Victor C. Remulla**
*Governor, Province of Cavite*



/ JonvicRemullaJr / www.jonvicremulla.com